



Bakuna sa Pneumococcal Polysaccharide Pneumococcal Polysaccharide Vaccine

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

Ano ang bakunang pneumococcal polysaccharide?

Ang bakunang pneumococcal polysaccharide ay nagpoprotekta laban sa 23 uri ng pneumococcal na bakterya. Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada.

Ang bakunang pneumococcal polysaccharide ay hindi bahagi ng nakagawiang iskedyul ng mga pagbabakuna sa pagkabata. Para sa impormasyon sa nakagawiang bakunang pneumococcal para sa mga bata, tingnan ang [HealthLinkBC File#62a Pneumococcal Conjugate \(PCV 13\) na Bakuna](#).

Sino ang dapat makakuha ng bakuna?

Ang ilang mga tao ay nasa mataas na panganib na magkasakit mula sa mga pneumococcal na impeksyon. Ang bakuna ay ibinibigay nang libre sa mga taong ito, kabilang ang:

- mga nakatatanda na 65 taong gulang at mas matanda; at
- mga residente sa anumang edad na naninirahan sa pangangalagang pantahanan o sa mga pasilidad ng tumutulong sa pamumuhay.

Ang bakuna ay ibinibigay din nang libre sa sinumang 2 taong gulang at mas matanda na may mga sumusunod na kondisyon:

- walang lapay, o lapay na hindi gumagana ng maayos;
- sickle-cell na sakit;
- nagkaroon ng isang huminang sistema ng panlaban sa sakit dahil sa sakit o medikal na pangagamot;
- talamak na sakit sa atay, kabilang ang cirrhosis, talamak na hepatitis B o hepatitis C;
- talamak na sakit sa bato;
- talamak na sakit sa puso o baga;

- isang islet cell o solid organo na transplant, o isang cochlear (inner ear) na implant, o mga naghihintay para sa isa;
- isang stem cell na transplant;
- dyabetes, cystic fibrosis, o isang talamak na pagtagas ng cerebrospinal na likido;
- isang pagdedepende sa alkohol;
- mga taong walang tirahan; at
- gumagamit ng ipinagbabawal na gamot, lalo na ang mga naninigarilyo ng crack cocaine.

Ang pangalawang dosis ng bakuna ay inirekomenda para sa mga taong may ilang partikular na kondisyong medikal. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung kailangan mo ng pangalawang dosis ng bakuna at kung kailan mo ito dapat makuha.

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

Ano ang mga benepisyo ng bakunang pneumococcal polysaccharide?

Ang bakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa pneumococcal na impeksyon, isang malubha at minsan nakamamatay na impeksyon.

Kapag nabakunahan ka, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na kumuha ng bakuna kaysa makakuha ng pneumococcal na sakit.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang reaksyon sa bakuna ang sakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Maaaring magkaroon din ng lagnat. Ang mga reaksyon na ito ay banayad at sa pangkalahatan ay tumatagal ng 1 hanggang 2 araw.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

*Ang ibuprofen ay hindi dapat ibigay sa mga batang wala pang 6 na buwang gulang nang hindi muna nakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksiyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Sino ang hindi dapat makakuha ng bakunang pneumococcal polysaccharide?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nagkaroon ka ng nagbabanta-sa-buhay na reaksiyon sa isang nakaraang dosis ng bakunang pneumococcal, o anumang sangkap ng bakuna.

Ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay hindi dapat tumanggap ng bakunang pneumococcal polysaccharide dahil hindi ito epektibo sa maliliit na bata. Ang mga batang ito ay tumatanggap ng pneumococcal conjugate na bakuna simula sa 2 buwang gulang.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit.

Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang pneumococcal na impeksyon?

Ang pneumococcal na impeksyon ay sanhi ng *Streptococcus pneumoniae* na bakterya. Ang bakterya ay maaaring magdulot ng malubha at nagbabanta-sa-buhay na mga impeksyon tulad ng meningitis, isang impeksiyon ng lining na sumasaklaw sa utak, septicemia, isang impeksiyon sa dugo, at pulmonya, isang impeksiyon sa mga baga.

Kabilang sa mga permanenteng komplikasyon ng impeksyon ang pinsala sa utak at pagkabingi. Sa bawat 4 na tao na nakakuha ng pneumococcal meningitis, 1 ang maaaring mamatay.

Ang impeksiyong pneumococcal ay kumakalat mula sa bawat tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, o pagkakaroon ng malapit na harap-harapang pakikipag-ugnayan. Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng laway. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paghalik o pagbabahagi ng pagkain, mga inumin, sigarilyo, lipstick, mga bote ng tubig, mga mouth guard na ginagamit para sa isports, o mga mouthpiece ng mga instrumentong pangmusika.

Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksiyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang [HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna](#).

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa <https://immunizebc.ca/>.



ImmunizeBC



BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/healthfiles o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Makukuha ang mga serbisyo sa pagsasalín sa higit sa 130 wika kapag hiniling.